8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin
4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 1: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**
- PNU Development Team

**Tagasuri:**
- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 1, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat (Tekstong Impormasyonal)<br>**a. Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br>b. Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal, kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| **D. Nilalaman** | Tekstong persweysib (Adbertisment)<br>- pagtukoy sa paksa, layon at ideya<br>- mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal)<br>- paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata |
| **E. Integrasyon** | Disaster Risk Management<br>Media Literacy |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| • Department of Heath (2024). Para sa Kaligtasan ng Pamilya, maghanda ng *Go Bag*. Mula sa: *https://www.facebook.com/photo?fbid=875784491254991&set=pcb.875753854591388*<br>• RC Cola Philippines (2024). #RCMegaHimala. Mula sa: *https://www.youtube.com/watch?v=NRgPp-jiHxo* |

- Scribd + Slideshare (2023). Panandang Kohesyong Gramatikal. Mula sa: *https://www.slideshare.net/slideshow/week-3-mga-panandang-kohesyong-gramatikalpptx/256098593*
- Studocu (2022). Tekstong Persweysib. Mula sa: *https://www.studocu.com/ph/document/nueva-ecija-university-of-science-and-technology/bachelor-of-secondary-education/tekstong-persweysib-kahulugan-layunin-elemento-at-propaganda-devices/46953163*


**III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO**

**MGA TALA SA GURO**

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**Unang Araw**

**1. Maikling Balik-aral (Gawain 1)**

Panuto: Magbigay ng mga aral sa Kartilya ng Katipunan. Ipaliwanag ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa kung paano natin ito magagamit sa pang-araw-araw nating pamumuhay sa makabagong panahon.


| Mga Aral ng Kartilya | Aplikasyon sa Makabagong Panahon |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

.

2. PAG-ISIPAN

Sagutin ang sumusunod na tanong sa pamamagitan ng concept map.

*Sa makabagong panahon, paano o saan mo nahahanap, nakikita o nababasa ang mga impormasyon tungkol sa mga bagay na nais mong bilhin?*



*Tala sa guro:* Maaaring oral o pasalita ang bahaging ito.

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | 1. **Panghikayat na Gawain**<br>**A. TAGLINE!**<br>Tantusan ang tinutukoy sa inyong kard kaugnay sa katangian ng taong tinutukoy**.**<br><br>Tukuyin ang pangalan ng produkto/serbisyo na nagpasikat ng mga *taglines* na ito:<br>● *Love ko 'to!*<br>● *May Liwanag ang buhay!*<br>● *Ako'y tiwala sa'yo!*<br>● *Bida ang saya!*<br>● *Hari ng Padala!*<br>● *Huwag mahihiyang magtanong.*<br>● *Ang Tulay ng Pilipino.*<br><br>**B. NOOD TAYO**<br>Panoorin ng mga mag-aaral ang patalastas/adbertisment na pinamagatang, *#RCMegaHimala* mula sa YouTube video ng RC Cola Philippines.<br><br>**GABAY-TANONG**<br>Iproseso ang pinanood na komersyal gamit ang mga sumusunod na gabay na tanong:<br>● *Anong produkto ang itinatampok sa patalastas/adbertisment?*<br>● *Magbigay ng mga bahagi ng komersyal na tumatak sa iyo.*<br>● *Naging madali ba para sa inyo na kilalanin ang produkto dahil sa inyong napanood? Kung oo, sa paanong paraan?*<br>● *Nakumbinsi ka ba ng komersyal na bilhin ang kanilang produkto? Bakit oo/ bakit hindi?*<br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ang adbertisment ay isang pangkomersiyong mensahe sa iba't ibang midya (maiksing pelikula, nakasulat na pabatid/impormasyon) na naglalayong hikayatin at impluwensyahan ang madla na bilhin o tangkilikin ang isang produkto, serbisyo, o ideya. Ito ay isang halimbawa ng **tekstong persweysib** na magiging tuon ng tatalakaying aralin sa ikatlong linggo. | Maaaring hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng iba pang halimbawa ng *taglines* na huhulaan ng kapwa-mag-aaral.<br><br>Mapapanood ang bidyo sa https://www.youtube.com/watch?v=v0FA_M2k3lU<br><br>*Iugnay sa bahaging ito ang media literacy.*<br><br>Habang pinoproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral, maari ding ipaliwanag kung saang pelikula hinango ang komersyal para sa higit na malinaw na konteksto. |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (Gawain 2)**<br>Panuto: Tukuyin ang mga salitang inilalarawan. Punan ng mga nawawalang letra ang mga sumusunod na salita.<br><br>a. P A ____ S ______<br>bagay, pangyayari o taong pinag-uusapan; pangunahing isyu<br><br>b. ___ A ___ O N<br>hangarin o nais mangyari ng isang manunulat<br><br>c. __ E __ A N ___ K ___<br>wastong paggamit ng balarila at estilong panulat gaya ng<br><br>d. I __ E Y ___<br>konsepto o panukala na nabubuo sa pag-iisip o imahinasyon<br><br>e. P ___ O P ___ G ___ N D ____<br>isang uri ng patalastas o kabatiran ginagamitan ng masistema o maparaang pagkakalat o pagpapalaganap ng mga paniniwala o kaya ng doktrina | Sagot:<br>a. Paksa<br>b. Layon<br>c. Mekaniks<br>d. Ideya<br>e. Propaganda |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pagtukoy sa Paksa, Layon at Ideya**<br><br>**1. Pagproseso sa Pag-unawa**<br>**ALAMIN NATIN! (Gawain 3)**<br>Sa bahaging ito, talakayin ang kahulugan ng tekstong persweysib at iba pang elemento nito. Bilang panimulang gawain, hayaan ang mga mag-aaral na sagutin ang sumusunod tanong:<br><br>*Kung ang pinanood na patalastas ay isang halimbawa ng tekstong persweysib, ano sa palagay ninyo ang katangian ng tekstong ito?* | |




Talakayin ang mga sumusunod na konsepto:

- **Tekstong Persweysib**
  Ito ay isang uri ng teksto na layuning makaakit o makahikayat ng mga mambabasa sa isang tiyak na pananaw, opinyon, o aksyon. Layunin ng tekstong persweysib na magbigay ng mga dahilan, katibayan, at argumento upang mapanindigan ang isang panig ng isyu at kumbinsihin ang mambabasa na sumang-ayon o sumuporta sa ipinapahayag ng teksto.

  Mahalaga ang paggamit ng mga makatotohanang datos, ebidensya, at argumento upang mapalakas at patibayin ang posisyon ng manunulat. Karaniwan itong ginagamit sa mga editorial, advertorial, *op-ed*, at patalastas iba pang uri ng teksto na layunin makumbinsi o makaapekto sa opinyon ng mambabasa.

- **Elemento ng Panghihikayat ayon kay Aristotle**
  **(i)** **Ethos –** karakter, imahe, o reputasyon ng manunulat/ tagapagsalita
  **(ii)** **Logos –** opinyon o lohikal na pagmamatuwid ng manunulat/tagapagsalita
  **(iii)** **Pathos –** emosyon ng mambabasa/ tagapakinig

- ***Propaganda Devices***
  **(i)** **Name-calling –** pagbibigay ng hindi magandang puna o taguri

Sanggunian:
https://www.studocu.com/ph/document/nueva-ecija-university-of-science-and-technology/bachelor-of-secondary-education/tekstong-persweysib-kahulugan-layunin-elemento-at-propaganda-devices/46953163

(ii) **Glittering Generalities –** magaganda at nakakasilaw na pahayag ukol sa isang produktong

(iii) **Transfer –** paggamit ng isang sikat na personalidad upang mailipat sa isang produkto o tao ang kasikatan.

(iv) **Testimonial** – tuwirang pag-endorso sa isang tao o produkto ng isang sikat na personalidad

(v) **Plain Folks –** ang mga kilala o tanyag na tao ay pinalalabas na ordinaryong taong nanghihikayat sa boto, produkto, o serbisyo

(vi) **Card Stacking –** pagpapakita ng lahat ng magagandang katangian ng produkto ngunit hindi binabanggit ang hindi magandang katangian

(vii) **Bandwagon** – paghimok sa lahat na gamitin ang isang produkto o sumali sa isang pangkat dahil ang lahat ay sumali na

Gamitin ang *Gawaing Pampagkatuto Blg. 1.*


**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**MAGING HANDA! (Gawain 4)**

Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na palatastas mula sa Facebook page ng Department of Health. Tukuyin ang layon, paksa, at ideya nito sa pamamagitan ng tsart sa susunod na pahina.

Maaring makita ang orihinal na larawan sa *link* na ito: https://www.facebook.com/photo?fbid=875791184587655&set=pcb.875753854591388

Ituon din ang talakayan sa kaugnayan nito sa disaster risk management.



| | | |
|---|---|---|
| | **Gabay na tanong sa talakayan:**<br>• Ano ang paksa, layon, at ideyang nakapalaloob sa patalastas?<br>• Ipaliwanag kung paanong ang nabanggit na patalastas ay isang halimbawa ng tekstong persweysib.<br>• Mayroon bang ginamit na *propaganda device* ang patalastas? Ipaliwanag ang sagot.<br><br>**Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Mekaniks sa Pagsulat**<br>**3. Pagproseso sa Pag-unawa**<br>**ALAMIN NATIN!**<br>Talakayin ang mga sumusunod na mekaniks sa pagsulat:<br><br>**a. Estilo**. Ito ay tumutukoy sa pamamaraan or paraan ng pagsulat na nagsisilbing gabay sa mambabasa na matukoy ang layunin ng manunulat.<br><br>**b. Diksyon**. Ito ay estilo ng pagsulat na tumutukoy sa pagpili ng salita na gagamitin ng isang mununulat. Maaring gumamit ng mga salitang pormal o hindi pormal ang isang manunulat ayon sa konteksto o pagpapakahulugan nito.<br><br>**c. Kohesyong Gramatikal** *(Cohesive Device).* Ito ay tumutukoy sa mga salitang nagsisilbing pananda upang maiwasan ang pag-uulit ng mga pangngalan o salitang gagamitin sa pagpapahayag.<br><br>• **Pagpapatungkol *(Reference)*** - paggamit ng panghalip na tuutukoy sa mga nauna o nahuling pangngalan.<br><br>**(1) Anapora –** panghalip na ginagamit sa **hulihan** bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa unahan.<br><br>Halimbawa: <u>Ang mga bulaklak ay</u> sadyang mahalimuyak. **Ito** rin ay nagbibigay-kulay sa ating kapaligiran. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **(2) Katapora –** panghalip sa **unahan** bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa hulihan.<br><br>Halimbawa: **Siya** ay isang mahusay na atleta. Si Hidilyn Diaz ay kampeon sa larangan ng *weightlifting*.<br><br>• **Elipsis –** pagtitipid sa pagpapahayag; mga ibinabawas na bahagi ng pangungusap nang hindi makaaapekto upang maunawaan ang ideyang nais iparating<br><br>Halimbawa: Tumakbo si Ali nang sampung kilometro at si Allan naman ay lima.<br><br>• **Pagpapalit** – paggamit ng iba't iba pang salita o reperensya sa pagtukoy ng bagay o kaisipan; maaaring ang pinapalitan ay pangngalan (nominal), pandiwa (berbal), o isang sugnay (clausal).<br>• **Pag-uugnay –** paggamit ng pangatnig upang pag-ugnayan ang dalawang ideya o pangungusap gaya ng *kapag, upang, subalit, dahil, habang, kung*, at iba pa.<br><br>***d.*** **Transisyonal na Paggamit ng Salita** – nag-uugnay sa pagsusunud-sunod ng pangyayari o ideya gaya ng *sa wakas*, *kung gayon, sa kabilang banda, sa katanunayan, pagkatapos, sa lahat ng ito,* at iba pa.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 2: SURIIN MO!**<br>Panuto: Ang sumusunod ay isang iskrip ng komersyal/patalastas sa telebisyon na naglalayong hikayatin ang mga manonood na tangkilin ang kanilang inumin. Markahan ang mga salita o pangungusap ang mga gumamit ng kohesyong gramatikal (cohesive devices) sa pamamagitan ng bolpen o pangkulay. Tukuyin | Gawing gabay ang tinalakay na Mekaniks sa Pagsulat tungkol sa Kohesiyong Gramatikal. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
at isulat din ang uri nito katabi ng minarkahang salita o bahagi ng pangungusap. Ang unang bahagi ay maaring gawing halimbawa.<br><br>
Transisyonal na Paggamit ng Salita<br><br>
[Unang eksena: Isang umaga, may isang pamilya ang nakapalibot sa hapag-kainan na wari'y mga pagod at nanlalata)<br><br>
Tagapagsalaysay (Voiceover): (Magiliw ang boses) “Sino ang may kailangan ng extra lakas sa umaga?”<br><br>
[Ikalawang eksena: Close-up sa pagsalin ng "Power Juice" sa baso para sa buong pamilya.]<br><br>
Tagapagsalaysay (Voiceover): “Ipinakikilala… Power Juice! Ang juice na puno ng vitamins at minerals para sa buong pamilya.”<br><br>
[Ikatlong eksena: Ang lahat ng miyembro ng pamilya ay iinom ng juice. Pagkatapos ay magliliwanag ang kanilang mga mukha nang may mga ngiti sa labi.]<br><br>
Nanay: “Wow, Power Juice! Ito ay napakasarap! At ramdam ko agad ang energy!”<br><br>
Anak 1: “Dahil dito, kaya ko nang tapusin lahat ng assignments ko!”<br><br>
Anak 2: “Ako din! Sa wakas ay makakapaglaro na ako buong araw!”<br><br>
Ama: “At kaya ko nang harapin ang buong araw sa opisina!”<br><br>
[Ikaapat na eksena: Ipakikita ang iba pang mga pamilyang nagsasaya habang umiinom ng Power Juice]<br><br>
Tagapagsalaysay (Voiceover): “Power Juice. Ito ay gawa mula sa natural na sangkap kaya wala ka nang hahanapin pa!”
</td>
<td>
Mungkahing tugon:<br>
Ang patalastas/adbertisment ay tungkol sa pag-eendorso ng isang inumin. Ang manunulat ay gumamit ng mga salitang naglalarawan sa magandang katangian ng produkto upang mahikayat ang manonood/mambabasa sa tangkilikin ito. Gumamit ito ng koheksyong gramatikal upang mailahad ang wastong pagkakasunud-sunod ng pangyayari o ideya na makatutulong upang maunawaan ito ng mga mambabasa.
</td>
</tr>
</table>

[Huling eksena: Ang pamilyang nasa unahang bahagi ng patalastas ngayon ay masaya na habang hawak ang kani-kanilang mga basong may lamang *Power Juice*.]

Tagapagsalaysay (*Voiceover*): "Power Juice, ginawa upang palakasin ang buong pamilya. Subukan na ngayon!"

**Gabay-tanong sa pagproseso ng sagot:**

- Tungkol saan ang komersyal?
- Ano ang estilo ng manunulat ayon sa binasang iskrip?
- Ano ang iyong masasabi tungkol sa diksyon/pagpili ng mga salitang ginamit sa iskrip?
- Ano-ano ang mga ginamit na kohesyong gramatikal sa nasabing patalastas?
- Sa iyong palagay, ano ang kahalagahan ng paggamit ng kohesyong gramatikal sa pagsulat ng tekstong persweysib gaya ng nasabing adbertisement/patalastas?

**Ikaapat na Araw**
**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paggawa ng adbertisment (Pangkatang Gawain)**

Ang mga mag-aaral ay bubuo ng isang iskrip ng maiksing adbertisment (komersyal) na hihikayat sa mga manonood/mambabasa na tangkilikin ang kanilang produkto gamit ang mga konseptong natutunan ngayong linggo. Hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng bagay na nais nilang gamitin bilang produkto.

**Rubrik sa Pagmamarka**

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Organisasyon: Paggamit o pagbuo ng ideya o kaisipan sa teksto | |
| Wika: Paggamit ng tamang salita o diksyon, mga transisyonal at kohesyong gramatikal. | |
| Kalinawan at Bisa ng Pagpapahayag: Pagpukaw ang interes ng mga manonood/mambabasa. | |

Iproseso ang sagot/*output* ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuon sa ideya ng *media literacy* kung saan nagkakaroon tayo ng abilidad na suriin ang mga napapanood o nakikita sa telebisyon, radio, *internet*, at iba pang uri ng *media*.

| | | |
|---|---|---|
| | 5- Napakahusay<br>4- Mahusay<br>3- Katamtamang Husay<br>2- Di-Gaanong Mahusay<br>1- Nangangailangan ng Pagpapahusay | |
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**ISOLGAN MO!**<br>Magpabuo ng isang islogan sa natutuhan sa ngayong linggo. Ipaliwanag.<br><br>2. **Pabaong Pagkatuto**<br>**GABAY-NILAY**<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | Maari itong gawin ng grupo na may 2-3 miyembro.<br><br>Ipasulat ang sagot sa kuwaderno at magtawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.<br>Ipaalala na gumamit ng buong pangungusap sa pagsagot sa bawat katanungan upang nasasanay pa rin sa pagsulat. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit ng Kaalaman**<br>Panuto: Tukuyin at ilagay kung *Tama* o *Mali* ang mga sumusunod na ideya ayon sa mga natutuhan ngayong linggo. Kung *Mali*, bilugan ang salita o parirala at isulat ang tamang sagot sa dulo ng pangungusap.<br><br>_________1. Ang tekstong persweysib ang naglalayong hikayatin o makumbinsi ang mga mambabasa.<br>_________2. Ayon kay Aristotle, ang pathos ay tumutukoy sa opinyon o lohikal na pagmamatuwid ng manunulat/tagapagsalita. | Sagot:<br><br>1. Tama<br>2. Mali – Logos<br>3. Mali – Testimonial<br>4. Mali – Glittering Generalitie<br>5. Tama<br>6. Tama<br>7. Mali – Katapora |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">_________3. Ang name calling ay isang propaganda device tuwirang pag-endorso sa isang tao o produkto ng isang sikat na personalidad.<br>_________4. “Mula noon hanggang ngayon, ang gamit namin ay Blue Cross alcohol para sa proteksyon ng aming pamilya.” Ito ah halimbawa ng Bandwagon.<br>_________5. Ang kohesyong gramatikal ay tumutukoy sa mga salitang nagsisilbing pananda upang maiwasan ang pag-uulit ng mga pangngalan o salitang gagamitin sa pagpapahayag.<br>_________6. Ang estilo ay tumutukoy sa pamamaraan or paraan ng pagsulat na nagsisilbing gabay sa mambabasa na matukoy ang layunin ng manunulat.<br>_________7. “Tunay ngang siya ay napakabuti. Inilaan ni Jose ang kanyang oras at pagod upang matulungan ang mga nasalanta ng bagyo.” Ang reperensyang ginamit sa pangungusap ay anaphora.<br>_________8. “Lloyd: May takdang-aralin tayo sa Filipino, nagawa mo na ‘ba iyon?<br>Val: Hindi pa. Mamaya na.” Ito ay halimbawa ng pagpapalit.<br>_________9. Ang kapag, upang, subalit, dahil, habang, kung ay mga pangatnig na ginagamit sa pag-uugnay ng mga ideya/pangungusap.<br>_________10. Ang estilo ng pagsulat na tumutukoy sa pagpili ng salita na gagamitin ng isang mununulat ay tinatawag na diksyon.</td>
<td>8. Mali – Elipsis<br>9. Tama<br>10. Tama</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ **<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>**<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ **<u>Mag-aaral</u>**<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ **<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>**<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: PNU Development Team*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: Philippine Normal University*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |